

PROLOGUE

London, England...

“My life is perfectly jumbled,” malungkot na pahayag ni Rafael sa sarili. “A penniless man in a foreign land.”

Mula sa inuupahang apartment sa Stratford, London ay sumakay siya ng double-decker bus patungong Fitzroy Square sa Central London para makipagkita kay Diana Rhys, ang kanyang dating kasintahan. He had to take public transportation dahil binawi ng kanyang stepsister na si Gertrude ang kotseng regalo sa kanya ng ama nito.

Noong nakaraang taon lang, well-planned at organisado ang buhay niya. Umuwi siya ng Pilipinas at isinosyo sa perfumery business ang trust fund money na namana niya sa kanyang inang si Gloria at sa stepfather na si George Hummels. Niyaya na niyang magpakasal si Diana pagkat kaya na niyang bumuhay ng sariling pamilya. He had a comfortable life in London and a business in Manila. Masaya siya sa pagiging senior jeweler sa kompanyang *Eurogems* dahil maayos ang compensation na natatanggap niya mula rito.

But then, the turn of fate was very unexpected. Ilang buwan pa lang ang nakalilipas nang sabay mamatay sa car crash ang mag-asawa. Shortly after that, the Hummels siblings declared him unrightful heir of their father, froze his monetary assets and terminated him at *Eurogems*.

“And as if to enrich my agony, my girlfriend stayed away from me.” Hindi siya interesado sa pamana ni Uncle George at balak na talaga niyang mag-settle for good sa Pilipinas kung sasama lang sa kanya si Diana.

Wala pang alas ocho nang bumaba siya sa bus stop at para makasiguro na hindi siya nagkamali ng pinuntahang lugar ay muli niyang binasa ang text message na pinadala ni Diana nang nakaraang gabi.

‘Meet me tomorrow at Duchess Café at Fitzroy Square, just across YMCA Hotel. 8 am sharp.

Nang marating niya ang nasabing lugar ay pinili niya ang outdoor table setting for two para madali niyang makita si Diana at para kahit paano ay malibang siya sa pagmamasid sa paligid. Mula sa iba’t ibang lahi at antas ng pamumuhay ang mga taong naroon. Most of them having a light breakfast and the others were just chatting with their acquaintances while enjoying a cup of coffee.

A group of ladies wearing fashionable hats with feathers and laces occupied the table next to him and to his left were teens in denims and sneakers. Ito ang isang bagay na nakakatuwa sa London, nagkakahalo ang old at modern customs. Kapansin-pansin sa downtown London ang mga nagtatayugang modern buildings at sa di-kalayuan ay ang mga lumang kastilyo.

“Would you like me to pour a refill of your coffee, Sir?” At magiliw na ngumiti kay Rafael ang crew na isang middle-aged woman.

“Yes, please,” tugon niya na hindi maiwasang maalala ang ina sa katauhan ng matandang Briton. Nami-miss niya ang pagmamahal at pag-aalaga nito sa kanya.

Maagang nabiyuda si Gloria sa ama ni Rafael, kaya napilitan itong mangibang-bansa para maitaguyod ang nag-iisang anak at makatulong sa mga kapatid. Nakapagtrabaho ito sa *Eurogems* at pagkalipas ng ilang taon ay pinakasalan ito ng isa sa mga may-ari ng kompanya, si George Hummels, isang mabait na Irish divorcee.

That was fifteen years ago. Mula noon ay sa Inglatera na rin siya nanirahan. Gloria resigned from her work at the jewelry store and devoted her time

as wife to George. Kaya lamang, kung anong bait ng kanyang stepfather ay kabaligtaran naman ng mga anak nito sa unang asawa. Nang mahalata ni Uncle George na nahihirapan silang mag-ina na makitungo sa mga anak nito ay kumuha ito ng bahay sa Sansbury-on-Thames malapit sa opisina ng *Eurogems* at doon ay nanirahan silang tatlo.

Mayamaya pa ay natanawan na ni Rafael ang black *Mercedes-Benz* na pagmamay-ari ng pamilya Rhys at kahit matagal-tagal din siyang naghintay ay napangiti siya.

“Here comes my strange girlfriend,” bulong niya sa sarili. Ilang buwan na rin niya itong hindi nakakasama mula nang utusan ito ni Mr. Rhys na tapusin ang kaugnayan sa kanya sa dahilang ayaw umano nito na magkaroon ng problema sa mga Hummels siblings.

Lumabas mula sa magarang sasakyan si Diana. Napakaganda pa rin nito; nakasuot ito ng yellow Sunday dress. Namana nito sa inang purong Pilipina ang mga mata at straight black hair habang nakuha nito sa amang half-British half-Filipino ang taas at ang kulay ng balat. That made her a quarter-blooded Briton.

“Sorry, I’m late,” bungad ni Diana nang makalapit

ito sa kinaroroonan ni Rafael.

“It’s fine, Sweetheart.” Yumuko siya upang hagkan ito sa labi tulad noong sila pa ang magkasintahan. Ilang beses na rin silang nagsalo sa halik at naikama na rin niya ito.

“I told you not to call me ‘Sweetheart’ and don’t kiss me that way,” saway nito at kinakabahang nilinga ang sasakyan.

“No one’s watching us,” aniya habang hinihila ang upuan para sa babae at inalalayan ito sa pag-upo.

Isang malalim na paghinga ang pinakawalan nito bago nag-umpisang magsalita. “Hindi madali ang kondisyon ni Daddy para pumayag siyang makipagbalikan ako sa ’yo, Raf.”

“What is it? Kahit gaano kahirap ay gagawin ko, Diane. I know your dad doesn’t want a pauper for a son-in-law. I’ll claim my inheritance if that would please him. Just give me some time to find a charitable lawyer.” Napakamahal ng serbisyo ng abogado sa London at ang kanyang cash on hand ay sapat na lamang sa allowance at ilang gastusin.

Umiling ito. “No, he has only one condition.”

“Then tell me now.” Hinawakan niya ang mga

kamay ng dalaga at derechong tiningnan ito sa mga mata.

“Raf, it’s impossible to find it,” nag-aalangang sabi nito.

“Find what?”

“The *Queen’s Envy* ring...”

Binitawan ni Rafael ang mga kamay nito at sinapo ng mga palad ang ulo na tila lalong nadagdagan ang kanyang suliranin.

“That ring was just a legend, Sweetheart.” Una niyang narinig sa silent society of antique jewelers ang maalamat na singsing na sinasabing may taglay na sumpa kaya mysteryosong namamatay kung sinuman ang magsuot niyon. Mayroon pa ngang mga nag-finance para mahanap ang singsing, pero walang nagtagumpay kaya ipinalagay ng ilan na ang *Queen’s Envy* a.k.a. cursed ring ay isang alamat lamang. “At kung totoo man, walang nakakaalam kung nasaan na ito ngayon.”

“I thought you will do anything for me?” tila batang reklamo ni Diana.

“Pero unrealistic ang paghahanap sa isang bagay na hindi tayo nakasisiguro kung nag-e-exist nga o isa

lang kathang-isip.”

“If there’s a solid proof, would you find it for me?” tanong nito na may lakip pakiusap. Tumango ang binata. “Fortunately, the cursed ring is said to be found in the Philippines. And as Dad said, just slip it into my finger and I shall be yours...”

Bago umuwi si Rafael sa Pilipinas ay bumisita siya sa isang antique jewelry museum sa Inglatera para mag-research tungkol sa *Queen’s Envy*.

Naka-display sa nasabing museo ang mga historical crowns, tiaras, diadems, scepters at mga royal jewels na wala sa official collection ng current Royal Family. Sa isang bakanteng eskaparate ay may nakasulat na ‘*Reserved for Queen’s Envy*’. Nakasaad din doon na ang nasabing singsing ay declared as stolen jewel at naroon din ang deskripsyon ng hiyas kasama ang kuwentong alamat tungkol dito:

According to the ancient people of Calais, Queen’s Envy ring was cursed by the Queen herself when she found out one day that the King secretly ordered the palace jeweler to make a magnificent ring not for her but for the King’s other woman.

The old jeweler confessed that the King instructed

him to cut a portion from the gem in the royal crown to adorn the ring. Upon knowing the truth, the Queen wept bitterly then held the ring and murmured something in it, 'Whoever wears this ring shall die...' Then she left still crying and envy was written all over her beautiful face. Thus the jeweler named the ring 'Queen's Envy'.

Rumors said that the King's favorite concubine mysteriously died shortly after receiving the present and the cursed ring was found on her finger.

"Maaaring totoo ang singsing. pero hindi na siguro ang curse-related issue," mahinang komento ni Rafael nang mabasa ang kuwento.

Pinagtuunan niya ng pansin ang deskripyon ng alahas at sa mabilis na mental calculation bilang isang jeweler ay tinataya niyang hindi lalampas ng one hundred thousand pounds ang market value nito. Pero dahil sa ang edad nito ay inabot na ng ilang sentenaryo at kung sinu-sinong dugong bughaw na ang napaugnay, umabot na sa six hundred thousand pounds ang valor nito sa kasalukuyan at maaari pang tumaas ng hanggang sa one million pounds!

"Wow, a vintage ring worth a fortune!" Unconsciously, he had developed a deep interest for the ring.

1

“What a perfect inspiration to start my day!” nakangiting sabi ni Marian sa sarili pagkababa ng sinakyang shuttle bus sa loob ng *Industrial Science Park* sa Laguna.

Sa di-kalayuan mula sa binabaang kanto ng Main Avenue at Einstein Street ay natanawan niya si ‘Tommy’. Hindi iyon ang tunay nitong pangalan, naisipan lang niyang tawagin itong ‘Tommy’ pagkat ang mukha ng lalaking iyon ang naisip niyang perpektong hitsura ng kanyang romantic fantasy boyfriend na si Tommy—from the song, *Tell Laura I Love Her*. Dati-rati ay wala itong mukha pero nang minsang makasalubong niya ang guwapong lalaking ito na pawisan sa pag-jo-jogging, her imaginary boyfriend came into flesh!

“Nariyan na ang mahal ko.” Sadya niyang binagalan ang paghakbang. Karaniwan nang makikita ang mga joggers sa *Industrial Science Park* tuwing umaga. Katulad ng dati ay nag-jo-jog si Tommy, ang kaibahan lang ngayon ay hindi pa ito pawisan. Napansin din niyang mukhang ilang araw na itong hindi nakapag-ahit base sa bahagyang pangingitim

ng well-defined jawlines nito dahil sa stubbles. Pero hindi pa rin niyon naikubli ang kaguwapuhan ng jogger manapa'y na-enhance pa nga ang macho image nito.

She saw the man's striking figure approaching her direction. There was something in him that spellbound her theory about Tommy.

Ano kayang sports ang pinagkakaabalahan niya? Marian thought that he might be a sports enthusiast for he possessed an athletic body built. His legs and arms seemed full of strength; parang nababagay sa isang mountaineer. Mula sa suot nitong navy blue jersey ay mapapansin ang namumutok na muscles sa dibdib nito.

Nang makasalubong niya ang jogger at makalampas sa kanya ay pasimple niya itong nilingon sa pag-asang mababasa niya ang pangalan o apelyido nito sa likod ng jersey. Pero malamang hindi custom-made ang suot nito dahil maliban sa numero ay wala nang ibang nakasulat doon.

Ipinagpatuloy niya ang paglalakad at pasimpleng sinuklay ng mga daliri ang maikling buhok na halos basa pa.

I know, maaabutan mo pa ako bago ko marating

ang gate ng planta. See you, Dear... Apat na planta at dalawang warehouses ang umookopa sa Eintein Street. Narito ang planta ng isang sikat na detergent soap, ang *FLI o Fragrance Laboratories Inc* at *Amena* na pawang perfumery at ang dulo ay ang pinapasukan niyang ketchup factory.

Graduate siya sa kursong Hotel and Restaurant Management, pero sa halip na makapagtrabaho sa isang hotel o restaurant ay sa pagawaan ng ketchup nag-landing ang career niya bilang isang front desk receptionist. Hindi naman ito kaso sa kanya dahil sapat ang kanyang kinikita at nakakapagtabi pa siya ng para sa kanyang 'goal'.

Bumaba siya mula sa sidewalk para iwasan ang naipong tubig-ulan sa di pantay na bahagi ng kalsada. Pag nakalampas siya sa bahagi ng pumondong tubig ay sasampa siyang muli sa sidewalk at baka mahagip siya ng naglalakihang cargo trucks na dumadaan. Nang makaakyat sa ligtas na bahagi ng kalsada, nabunggo siya ng isang nagmamadaling kapwa pedestrian. Tumatakbo ito kaya mas malakas ang impact at na-out of balance siya.

Kung hindi sa maagap na pag-alalay ng isang ginoo ay siguradong matutumba siya sa kalsada.

Napatili si Marian. At inihanda niya ang sariling

babagsak sa semento, subalit hindi ito nangyari pagkat bumagsak siya sa isang pares ng matitipunong braso. Balak niyang pagalitan ang walang-ingat na lalaking nakabunggo sa kanya. Nang ibubuka na lamang niya ang bibig para magsalita ay natilihan siya dahil hindi niya inaasahan kung kaninong mga bisig siya bumagsak!

Oh my God, it's Tommy! Naramdaman niyang nangainit ang kanyang mga pisngi nang mapagtantong nasa mga bisig siya ni 'Tommy' na tila pinoprotektahan siya mula sa panganib. She could almost feel his breath fanning her face. At naisip niya, *Manong na nakabunggo sa akin, salamat. Kahit sa bangin mo pa ako itulak kung sasaluhin naman ako ng guwapong lalaking ito, okay lang.*

"Sorry, Madam," hinging paumanhin ng lalaki. Isa itong security guard base sa suot nitong uniporme at mukhang huli na sa trabaho kaya gayon na lamang makapag-apura. "Hindi ko akalaing sasampa ka dito sa rampa kaya..."

Hindi na pinakinggan ni Marian ang paliwanag ng guwardya, kinakausap kasi siya ng kanyang secret boyfriend.

"Miss, are you all right?" anang baritonong tinig.

Nakatitig ang mga mata nito sa kanya na tila inaarok ang tunay niyang nararamdaman. She was tensed.

“I’m fine.” *Thanks to you...* Lalo palang guwapo sa malapitan si ‘Tommy’. Ramdam niya ang init ng katawan nito at ang mabilis na pintig ng puso dahil sa pagkapagod. At hindi rin nakaligtas sa kanyang pandama ang tila mumunting boltahe ng kuryenteng nanulay sa kanya mula sa katawan ng guwapong estranghero. Nang matauhan siya ay mabilis niyang inalis ang mga kamay na nakatuon sa dibdib ng kanyang hero.

“Manong, konting ingat lang sa pagtakbo baka sa susunod makadisgrasya pa kayo,” narinig niyang sita ni ‘Tommy’ sa lalaki habang inaalalayan siya sa pagtayo.

“Sir, sorry ho. Hayaan ninyo di na mauulit. Madam, sorry. Sir, mauna na ako,” halos di-magkandatudong sabi ng guwardya bago umalis.

“Salamat...” mahinhing sabi ng dalaga at binigyan ang katabi ng kanyang pinakamagandang ngiti. Gusto sana niyang itanong ang pangalan nito pero nakahiyaan niya. Aniya ay sapat na munang nakikita at nakakasalubong niya ang lalaki nang ilang beses sa isang linggo.

“You’re welcome,” simpleng tugon nito at walang lingon na ipinagpatuloy ang ehersisyo na parang isang atletang naghahanda sa nalalapit na kompetisyon.

Magaan ang loob na pumasok si Marian sa gate ng kompanya taglay ang tinatawag niyang perpektong inspirasyon para simulan ang kanyang maghapon. Magiliw niyang tinugon ang pagbati ng mga guards on duty. Pagkatapos mag-sign sa log sheet ay tinalunton na niya ang mahaba-haba ring covered walk na ang dulo ay main entrance ng mismong plant building.

Nadatnan niya sa reception area ang partner na si Lizette. Hindi naman ito nakasimangot subalit Lunes na Lunes ay walang mababakas na enthusiasm sa aura nito.

Katulad niya ay pera rin ang biggest problem nito sa buhay.

“Good morning, Lizette!” masiglang bati niya rito na parang gusto niyang bahaginan ng taglay na positive vibes. “Alam mo bang muntik na akong masadsad kanina sa kalsada?” aniya habang inilalagay ang handbag sa drawer sa ilalim ng front desk. Ikinuwento niya rito ang insidenteng nangyari

kanina.

“Sa lahat naman ng nabunggo, ikaw ang pagkasaya-saya,” nakangiti nang komento nito. “Kung hindi ka puyat ay siguradong nalipasan ka ng gutom, Mayang.” Ginamit nito ang pet name ng kaibigan.

Magkababayan silang dalawa galing sa San Jose, Nueva Ecija. Magkaiba ang kanilang baranggay, pero ilang metro lang ang layo ng mga bahay nila. Kapwa galing sa pamilyang pagsasaka ang main source of living. Pareho nilang hindi nagustuhan ang panukalang gawing tri-shift ang kanilang schedule dahil magiging walong oras na lamang ang working hours nila.

Naisip ni Marian kung paano na kaya ang kanyang ‘goal’ sakaling ipatupad na ang panukalang iyon—ang matubos ang kapirasong lupang sana ay mamanahin niya. Pero bago pa man ito mapasa kanya ay naisanla na sa bangko at ilang ulit nang muntik maremata. One hundred thousand lang ang principal amount nito nang maisanla noong mangailangan ang pamilya nila ng perang pampagamot sa malubhang karamdaman ng ama niyang si Mang Manuel.

Sa kasamaang-palad, hindi rin nito naisalba ang buhay ng mabait na padre de pamilya. Naubos lamang

sa gamot at doctor's fee ang perang pinagsanlaan ng kanilang mga ari-arian. Ang natira na lang sa kanila ay isang ektaryang taniman ng sibuyas na siyang sumusuporta sa pag-aaral ng dalawa niyang nakababatang kapatid.

“Malamang gutom nga ako,” tugon niyang muling pinasigla ang tinig. Pilit niyang iwinawaglit sa isip ang napipintong suliranin. “Breakfast muna tayo sa canteen.”

“Tara, thirty minutes pa naman before call time.”

Nang kumakain na sila ay binuksan ni Lizette ang topic tungkol sa financial problem. Dahil doon, muli niyang naalala ang kaparehong problema.

Ang totoo ay siya lang naman ang may gustong problemahin ang lupang iyon. Kung ang kanyang ina ang masusunod ay ibebenta na nito nang tuluyan ang lupa kaysa mailit pa ng bangko. Isinaalang-alang na lamang ng mabait na ginang ang damdamin ng anak, kaya kahit mabigat sa bulsa ay patuloy nitong pinaglalaanan ang interest ng sangla.

May sentimental value kay Marian ang maliit na lupang iyon. Bata pa lamang siya ay sinasabi na sa kanya ni Mang Manuel na ipapamana sa kanya ang lupang iyon at doon nila itatayo ang pangarap

nitong restaurant. Maganda ang puwesto ng lupa, nasa boundary ito ng poblacion at agricultural area ng bayan kaya maaaring i-convert bilang commercial land. Iyon ang dahilan kung bakit HRM ang kinuha niyang kurso at nangako siya sa ama, on his death bed, na ipagpapatuloy niyang tuparin ang kanilang pangarap kahit na ano ang mangyari.

“Isipin mo, Marian, halos nasa thirty percent ng current salary natin ang mawawala kapag na-approve na ang tri-shift sched.” Iminuwestra pa ni Lizette sa kanya sa pamamagitan ng sampung daliri ang sentimyento nito. “Gasino na lang ang matitira sa atin?” tanong nito nang maibaba ang tatlong daliri.

“Seventy percent po, Ma’am Lizette,” birong tugon niya. Hindi maikakailang dating private tutor ang kanyang katrabaho sa isang institusyon ng mga math wizards. “Di magpa-part time ka na naman sa *Common Sense*?” Ang tinutukoy niya ay ang paaralan ng mga batang henyo sa math.

“Malamang. Kasi dalawang kapatid ko ang papasok sa college next school year. Nagpasa na nga ako ng updated resumé via e-mail. Ikaw, mag-apply ka rin, ire-refer kita.”

“Ay naku, naku!” may kasama pang iling na tanggi ni Marian. “Magtatanim na lang ako ng sibuyas

sa atin kesa magturo ng math. Ni hindi nga ako maka-solve ng simpleng equation.”

“Ikaw, bahala ka. Tatal hindi mo kailangan ang extra income, unlike me.”

“Lizette, mas kailangan ko ang pera. Alam mo kung bakit?” Umiling ang kausap habang hawak ang tasa ng mainit na kape. “Kapag hindi ako nakaipon ng daang libo, mareremata ang lupa ko. In your case, hindi naman kukunin ng bangko sa 'yo ang mga kapatid mo sakaling hindi mo sila mapag-aral. Kaya nga kahit anong part time job ay susubukan ko.”

“Maliban sa pagtuturo ng math,” natatawang turan nito.

“Ano kaya kung mag-audition tayo sa mga game shows?” aniya sa pagitan ng pagnguya. “Pag naka-jackpot ako, matutubos ko na ang lupa, may puhunan pa ako, di ba?”

“Wala ka talagang balak iwan itong ketchup factory?” Lizette was puzzled.

“Not really.” Magaan na trabaho ang pagiging front desk receptionist sa planta dahil hindi araw-araw ay dagsa ang bisita. Kaunting clerical task, pagtanggap ng outgoing at incoming calls at pag-assist sa mga guests ang karaniwan nilang ginagawa

sa maghapon. Laging nakapostura at presentableng tingnan, at higit sa lahat ay duly compensated sila ng ketchup factory. “Mahirap lang talagang maghanap ng trabaho sa ngayon, tight ang competition. Kaya kahit paano, thankful na rin ako sa trabaho natin.”

“I agree. Kaya lang kailangan din nating maintain ang sahod,” anito bago nginuya ang huling subo ng kanin at longganisa at sinimot ang laman ng tasa. Napansin nitong hindi pa ubos ni Marian ang kinakain gayong kadalasan ay mas nauuna siyang matapos kaysa rito at parang tahimik siya. “Twelve minutes na lang,” paalala nito sa kanya nang mapansin na ang kanyang mga mata ay halos mapagkit sa bakuran ng kabilang planta.

Mula sa kinaroroonang kantina ay tanaw na tanaw nila ang compound ng kapitbahay nilang *Amena*. Wala namang kakaibang matanaw si Lizette. Walang interesting scenario.

“Mayang...” tawag-pansin nito na may kasamang tapik. “Finish your food. Ano ba’ng meron diyan?”

“Si Tommy,” kinikilig na tugon niya.

“Ha?” Hindi ito makapaniwala. Ibig sabihin, security guard ang pinagpapantasyahang boyfriend ni Marian? “Nasaan? On duty o du-duty pa lang?”

“Ayun, ’yung naka-jersey na may sling bag. Parang galing sa night shift, pauwi na yata.” Kasalukuyang ini-inspect ng guard ang dalang bag at big bike ng lalaki na isang black and white *Ducati 848*.

“Sa *Amena* lang pala nagtatrabaho, bakit hindi ka mag-apply diyan at nang magsawa ka na sa katatanaw sa kanya?”

“We did. Di ba nag-apply tayo sa *Amena* noong magpa-job fair sila months ago? Kaso nagbago ang isip natin dahil eight-hour job lang ang offer nila, no overtime.”

“Bitin ang walong oras na trabaho. It costs no effort.”

“Pero kung alam ko lang na diyan nagtatrabaho si Tommy ko, I might have grabbed the job.”

“*Bagtit!*” nagtatawang saad ni Lizette na ang ibig sabihin ay baliw. “Kanina lang kung makapagbitiw ka ng salita... ’tapos ngayon... ewan ko sa ’yo!”

“Could it be possible to trade your dream for the one you love?” tila nakatuntong sa alapaap na sabi ni Marian habang pinapanood ang paglayo ni ‘Tommy’ sakay ng *Ducati* motorcycle nito.

2

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo, Rafael?” pabirong tanong ng HR department head na si Mrs. Ina Yuzon sa bise-presidente ng *Amena*. “May balak ka bang tumakbo sa darating na congressional race sa Ilocos Region?”

A couple of months ago ay nagpahanap din si Rafael ng Tagalog language tutor just to remind him how to speak Tagalog fluently in correct accent because his tongue had been used in speaking English and had adapted the British accent. Lingid sa kaalaman ng nakararami, ang lahat ng ito ay bahagi pa rin ng paghahanda sa tinatawag niyang Expedition in the Sierra Madre Mountains.

Sapat na ang mga impormasyong nakalap niya para sumugal sa expedition na iyon na naglalayong mahanap ang cursed ring na *Queen’s Envy*. Isa na lang ang kulang, ang makapagsalita siya or at least makaintindi ng Ilocano. This was because the person who held the secret behind the *QE* ring spoke only one dialect, Ilocano—si Apong Pedring.

“Wala naman. I just need to understand the dialect,” simpleng pahayag niya dahil baka ma-

arouse pa ang curiosity ng kausap kapag sinabi niya ang tunay na dahilan kung bakit sa lalong madaling panahon ay kailangan niya ng tutor na magtuturo sa kanya ng Ilocano dialect. Hanggang maaari ay ayaw niyang may nakakaalam ng tungkol sa expedition. Subalit alam ito ng mga kaibigan at kasosyong sina James Yuzon at Benjamin Fortaleza.

“Okay,” hindi kumbinsidong tugon ni Ina. “Siguro may pinopormahan kang Ilocana,” biro nito. Kahit VP ang posisyon ni Rafael sa kompanya ay hindi ito pormal makitungo dahil parang kaibigan na rin ang turing nito sa kanya.

“Oo na,” natatawang saad niya. Mas gusto niyang iyon ang isipin ni Ina para hindi na ito mag-usisa pa. “Kaya tulungan mo akong makahanap ng tutor bago pa mahuli ang lahat. Buksan mo na ang mahiwagang baul na tanging ikaw ang may hawak ng susi,” dagdag pa niya na ang tinutukoy ay ang database record ng mga previous and current applicants sa kompanya.

Bilang HR head ay tanging ang babae ang nakakaalam ng password sa database kung saan sila makakahanap ng qualified tutor.

“P’wedeng bukas na lang? May appointment kasi ako sa ob-gyne,” hinging paumanhin nito habang hinihimas ang maumbok na tiyan. She was five

months pregnant.

“Tomorrow is Saturday. Holiday sa Lunes. Sa Martes naman, inventory,” laglag ang mga balikat na tugon niya. Kung hindi lang asawa ni James si Ina, hindi niya ito papayagang mag-undertime at hindi niya papauwiin hangga’t hindi nahahanap ng kailangan niya. He badly needed the tutor now because he was running out of time. Kailan lang ay nagkausap sila ni Diana at sinabi nitong her father was setting an arranged marriage for her.

“Sorry, Raf.” Naawa si Ina sa hitsura ng binata na animo’y musmos na hindi napagbigyan sa munting hiling. “Pero kung gusto mo, I’ll show you how to use the software’s features.” Tapos, bahala kang mag-explore.”

Kaagad siyang pumayag pagkat hindi na niya ito maaaring ipagpabukas pa. Pagkaalis ng kausap ay siya na mismo ang umupo sa harap ng desktop computer nito at sinimulan ang virtual na paghahalungkat sa resumé ng daan-daang aplikante. Siguradong kahit paano ay may mapupulot siyang mayroong teaching record.

Gamit ang filter and sort option feature ng database software ay mapapadali ang paghahanap niya. Sa field ng languages and dialects spoken ay

itinipa niya ang 'Ilocano'. He filtered it one more time by looking who among the rest had a teaching or tutoring experience.

“I got it!” Nasisiyahang ipinitik ni Rafael ang mga daliri nang makita ang kanyang search results. “S’abi ko na, meron ako ditong makikita.”

Pagkatapos nito ay nag-compose siya ng letter at ipinadala sa mga aplikante via e-mail. Inuna niya ang mga may naka-indicate na ‘full time or part time’.

Samantala, inabala muna niya ang sarili sa net surfing. Binuksan niya sa di mabilang na pagkakataon ang official website ng antique jewelry museum sa Inglatera na una na niyang binisita bago umuwi ng Pilipinas. Nanatiling naka-post doon ang reward money sa sinumang makakapagbalik ng *QE* sa museo.

Detalyadung-detalyado ang paglalarawan sa physical appearance ng *QE*, pero sinadyang hindi banggitin ang bigat nito para hindi totally makopya o ma-duplicate ang prestihiyosong alahas.

Mataman niyang binasa ang description.

“This bold and magnificent ring—with pear-shaped diamond shoulders holding up a 61.4 carat pink

German topaz and a 41.2 carat deep blue Burmese sapphire on a pave-set diamond and 24 carat gold band—outshines the tiara of the King’s wife! And thus became the object of the queen’s envy where it got its name.”

Sino ba namang legal wife ang hindi magsusumpa sa other woman ng kanyang asawa kung ganito ang sitwasyon?

Sinasabing ang crescent-shaped sapphire na parang nakayakap sa pabilog na pink topaz gem ay tinapyas mula mismo sa blue sapphire na nakaadorno sa *Imperial State Crown* ng sinaunang kaharian.

“At ang unproven intrigue na iyon sigurado ang dahilan kaya humigit pa sa triple ang itinaas ng value ng *QE*.”

Kung tutuusin ay mas mataas pa ang valor ng dalawang forty facets pear-shaped diamond shoulders kasama ang mumunting brilyantitos sa loop band ng singsing, pero dahil may royal connection ang bughaw na hiyas ay naging pinakaimportanteng bahagi pa ito ng singsing.

“I think I had fallen in love with the *QE*,” pagamin ni Rafael sa sarili. Bilang isang alahero ay nakikini-kinita niya kung gaano kakinang ang mga

hiyas sa singsing. “Eighty-six facets pink gem? Wow! Idagdag pa ang contrasting effect ng fifty-five facets deep blue gem sa napaka-feminine na kulay ng topaz. Splendid!”

Halos isang taon ang ginugol niyang pananaliksik para magkaroon ng linaw kung totoong nakarating nga sa Pilipinas ang *QE*. He almost started from scratch, sa clue na ibinigay ni Diana that the *QE* was stolen from the museum during World War I by a British military fugitive. Pagkatapos niyon ay nagpasalin-salin na ito sa iba’t ibang tao hanggang mabili naman ng isang nanggangalang Philippe Davies. Mr. Davies migrated in the Philippines and founded a mining company in Baguio City.

Nang mamatay ang negosyanteng Briton, halos isang dekada na ang nakalilipas, muling nagbalik sa Inglatera ang buong pamilya nito pero hindi nakita ang *QE* sa family jewel collection. Kaya may posibilidad na naiwan ito sa Pilipinas.

“At ang malaking tanong, saan ito makikita sa bansang may mahigit pitong libong isla?”

Ito ang dahilan kung kaya maraming treasure hunters ang tinabangan nang maghanap sa singsing.

“Kulang lang sila sa diskarte,” mayabang niyang

bulong sa sarili. Inalam niya kung sinu-sino ang mga trusted companions ni Mr. Davies noong nabubuhay pa ito. Isinantabi muna niya ang mga naging business partners nito. Mabuti na lamang at nakapalagayan niya ng loob ang ilan sa dating family servants ng mga Davies.

Sa pagsunod niya sa mga iniwang bakas ni Mr. Davies ay nakarating siya sa lalawigan ng Aurora partikular sa isang baranggay nito na tinatawag na Ditumabo.

Ditumabo was situated right on the foothill of *Mount Danayag* na bahagi pa rin ng napakahabang *Sierra Madre Mountain Range*. Sa ilang beses niyang pagpunta sa Ditumabo ay masasabi niyang halos isolated ang lugar, pero hindi ito huli sa latest trends.

3

Nanlalamig ang mga kamay ni Marian nang pumasok siya sa loob ng interview room. Pero nabawasan ang masasal na tibok ng kanyang puso nang magiliw siyang batiin ng interviewer.

“So, how would you like to be addressed, Miss Marian Mercado?” tanong ng HR Head ng *Amena*.

“Marian is fine, Ma’am.”

“Okay. Marian, hindi mo na ako kailangang tawaging ‘Ma’am’. I’ll explain it to you later.” At pasimple nitong in-assess ang aplikanteng nasa harapan—formally dressed but not stiff-looking. *Hmm... high-spirited young lady*. “Do you think you can carry the burden of this part-time tutorial job together with your current job?”

“I can honestly say yes, Ma’am.”

Pagkatapos niyang mabigkas ang maikling pangungusap ay nakangiting inilahad ni Mrs. Ina Yuzon ang kanang kamay nito.

“Well then, congratulations! You’re hired.”

Napag-usapan na nina Ina at Rafael na huwag

sabihin sa magiging tutor ang tunay na posisyon sa kompanya ng magiging estudyante dahil baka ma-intimidate din si Marian kagaya ng mga naunang aplikante.

“Ho?” di-makapaniwalang bulalas niya nang makipagkamay sa kausap. *Ganoon lang kadali ’yon?* Naghanda pa naman siya nang husto nang nakaraang gabi para sa job interview na ito at pagkatapos ay isang question lang pala ang itatanong sa kanya. Ni wala ngang follow-up question na ‘how’ o ‘why yes’.

Dahil dito ay natatawang napilitang magpaliwanag ang mabait na HR head.

“Actually, I’m hoping na sana ay ikaw na ang huling aplikanteng i-interview-hin ko para sa posisyong ito. Hindi naman ako nahirapang pumili mula sa mga nag-respond sa ipinadala naming e-mail kaya lang, obvious naman, mga nag-back out. Common reason is conflict schedule.” Iniabot nito ang telepono at habang nagda-dial ay tinanong nito ang aplikante. “Marian, are you ready to take the offer?”

“Wala pong dahilan para tanggihan ko ang offer,” nakangiting tugon niya. Imagine, two to three hours a day lang siyang magtatrabaho at bukod sa suweldo ay may incentive bonus pa sakaling maagang matuto ang estudyante. Good thing, magagamit niya ngayon

ang natutuhan sa kinuhang short course—English tutor ng mga Koreano, Ilocano version nga lang. Akala niya ay useless na iyon dahil hindi naman siya pinayagang makapag-abroad ng inang si Aling Ana Maria. “Lalo na kung magkakasundo kami sa oras.”

“Huwag kang mag-alala, Marian. Mr. Torralba desperately needs a tutor...” Saglit nitong itinigil ang pakikipag-usap sa kanya at ibinaling ang pansin sa kausap sa kabilang linya ng telepono. Nang matapos ang pakikipag-usap nito sa telepono ay muli itong bumaling sa kanya. “He will adjust to your own convenient time.”

“Talaga, Ma’am?” Pinagsalikop niya ang mga kamay at naisip niyang hulog sa kanya ng langit ang trabahong ito. Nang nagdaang buwan pa ay implemented na ang tri-shift schedule nila, kaya ramdam na ang kabawasan niyon sa sahod. “Willing akong mag-umpisa kahit ngayon.”

“Good. Pero bago iyan, iklaro muna natin ang mga bagay-bagay. First, you will be compensated by Mr. Torralba and not by *Amena*.”

“Meaning, siya lang ang boss ko?”

Tumango si Mrs. Yuzon. “Hands-off ang kompanya sa anumang transaksyon ninyo, kaya huwag mo na

akong tawaging ‘Ma’am’. Okay?”

“Sure.”

It was followed by a friendly conversation that lasted for more than an hour. Paminsan-minsan ay tumatawag sa telepono ang ginang at tinatanong kung dumating na si Mr. Torralba. Bago pa dumating ang hinihintay nila ay pareho na silang nagkapalagayan ng loob at parang na-brief na rin si Marian sa character ng kanyang magiging estudyante.

Tumanggi siya na ihatid pa siya ni Ina sa opisina ni Mr. Torralba na nasa ikalawang palapag dahil nakita niyang waring nabibigatan sa dinadala ang first-time mom.

“Third room to the left,” ulit ni Marian sa instruction sa kanya.

Ilang segundo pa ang pinalipas niya bago nagpasyang kumatok sa nakapinid na pinto. May hinala siyang terror si Mr. Torralba kaya walang nakakatagal na magturo rito. Pero nangako siya sa sarili na pagtitiyagaan ito dahil lubha niyang kailangan ang extra income.

Nang wala siyang marinig na tugon mula sa

loob ay muli siyang kumatok. May narinig siyang komosyon sa loob, pero wala ang hinihintay niyang 'come in'. Nagpasya siyang ulitin ang pagtuktok.

Bingi na yata si Mr. Torralba. Akala ko ba he's just in late twenties?

Bago pa man sumayad ang kanyang knuckles sa pinto ay bumukas na ito at halos manlaki ang mga mata niya nang makilala kung sino ang nasa harapan niya.

“Tommy?” wala sa loob na nabigkas ni Marian. Pakiramdam niya ay isa siyang teenager na nakasalubong ang kanyang biggest crush sa corridor ng paaralan.

Bahagya namang nangunot ang noo ng lalaking nagbukas ng pinto.

“Miss Marian Mercado, right?” casual nitong tanong at hinagod ng tingin ang magandang dalagang nasa harapan. *Have I seen her somewhere?* Gazing down at her, he saw compassion in her brilliant eyes.

“Yes. I'm looking for Mr. Torralba, nariyan ba siya?” aniya na bahagyang nakabawi sa pagkabigla. Pakiramdam niya ay nahipnotismo siya sa mga titig ng kaharap na tila tinataya hindi lang ang skills niya kundi maging physical feature.

“Rafael Torralba here.” Pormal nitong inilahad ang kanang palad sa kausap. His immediate surge of curiosity with the lady took him by surprise. Bakit hindi? First meeting pa lang nila ng teacher ay ang mabalbon at makinis nitong kutis na kaagad ang napansin ng lalaki.

The moment she touched his hand, an inexplicable feeling flowed deep within Marian. Hindi pa niya matukoy kung ano iyon, kaya ipinagpalagay niyang ang kaba na iyon ay dahil sa first formal meeting nila. Dati pa’y binigyan na niya ang binata ng perfect score para sa sporty character nito at ngayon naman ay another perfect score ang balak niyang ibigay sa taglay nitong authoritarian character.

Marian, ayusin mo ang aktwasyon mo. Apat na ang pamangkin mo, mahiya ka sa kanila, kastigo niya sa sarili. Kahit paano ay naibalik niya ang tamang composure at propesyonal na hinarap ang bagong employer.

“Oh, good morning, Mr. Torralba. I’m Marian Mercado. Mrs. Yuzon sent me here so that we can arrange our time sche—”

“Please come in,” sansala ni Rafael sa kanyang litanya. Napansin nito ang kanyang uneasiness kung kaya nagpasya itong maging less formal sa

pakikiharap. Naalala rin nito ang banta ni Ina na kapag nilayasan pa ito ng tutor dahil na-intimidate ay hindi na ito magha-hire pa ng panibago. “Tawagin mo na lang akong ‘Rafael’ o ‘Raf’,” anitong nakangiti.

“Rafael.” Waring sinusubukan niyang bigkasin ang pangalan ng isang deity. Iminuwestra nitong pumasok siya sa loob ng opisina.

“I hope you don’t mind if I call you ‘Marian’.”

“Oo naman. At saka nakakailang kung gagamit pa tayo ng Mr. and Miss honorifics, masyadong formal,” walang reserbasyong tugon niya. *Hindi siya terror, salamat naman. Mabuti at marunong siyang ngumiti.* “Nice office...” pagkuwan ay komento niya. Hindi siya makapaniwala na ang isang regional marketing supervisor lang ay may ganito kagarang opisina—fully air-conditioned, wall to wall carpet with chandelier.

“Sa immediate superior ko ang office na ito. Madalas siyang nag-oopisina sa main office sa Makati kaya pinayagan niya kami na gamitin ito.” Sa isip ni Rafael ay mas mabuti nang isipin ng tutor na they were just peers para smooth-sailing ang transaksyon nila. Baka maging cautious at reserved pa ang dalaga kapag nalaman niyang bise presidente ng kompanya ang magiging estudyante.

“Paano kung biglang dumating ang boss mo, okay lang bang narito ako?”

“Of course. Para din naman ito sa kompanya. Mag-e-expand ng market ang *Amena* sa Ilocos region...” which was true, “and I’ll be the marketing supervisor there. That’s why I need to understand the dialect.” Partly true.

“Talaga lang, ha? Ang sabi ni Ina ay may pinopormahan kang Ilocana.” First attempt ni Marian na biruin ang binata. Kapag hindi ito nagalit o sumimangot man lang, hindi ito terror at siguradong makakasundo niya ito.

Hindi nakaligtas sa kanyang pandinig ang mahinang pagtawa nito. Nakita pa niya ang bahagyang paggalaw ng Adam’s apple nito. Lalong gumuwapo sa kanyang paningin ang secret boyfriend nang masilayan sa unang pagkakataon ang magandang pagngiti nito.

Inyan ti panag-isem nan, lihim niyang papuri sa pagngiti ni Rafael at tila nasiyahang nalaman niya na madali itong makagaan ng loob.

“Nagbibiro lang si Ina,” depensa nito. Natutuwa ang binata sa pagiging natural ni Marian, kaya ito mismo ay inalis ang anumang reserbasyon at naging

magiliw sa pakikipag-usap. “Bakit mo nga pala ako tinawag na ‘Tommy’ kanina? Kamukha ko ba ang boyfriend mo?”

”At paano mo nalamang boyfriend ko si Tommy?”

“Wild guess,” napalis ang ngiting saad nito. Nakakadismaya na malamang may boyfriend na si Marian. Mas dapat nga itong magtaka kung ang ganito ka-charming na dalaga ay walang love life. “Anyway, do you already have a plan or method of teaching?”

“Of course.” Lihim siyang nagpasalamat at si Rafael na mismo ang nagbago ng topic. “First, kailangan mo munang ma-familiarize sa most commonly used Ilocano words. Kasunod, simple Ilocano phrases. Then, we will proceed on sentence construction. Pagkatapos, correct pronunciation o ’yung real Ilocano accent. Okay na ba sa ’yo iyon?”

“It’s fine. How do you say ‘thank you’ in Ilocano?”

“Agyamanak.”

“Yes?”

“Wen.”

“No?”

“Haan o madi. Depende sa gamit.”

“Beautiful?”

“*Napintas*. Teka, teka... alam ko na ang kasunod mong itatanong, ‘I love you’, di ba?”

Natawa ang binata.

“S’abi na nga ba, hindi nagbibiro si Ina. Naku, Mr. Torralba, buti na lang ako ang na-hire mong tutor. Kasi alam mo, I have a good piece of advice for you.”

“Para saan?”

“Di ba may Ilocana kang nililigawan? Ang masasabi ko lang, unahin mong kunin ang loob ng immediate relatives niya. Kasi kaming mga Ilocano ay very close ang mga family members, mind you, up to fourth degree. Kung meron mang makakaimpluwensya sa mga choices namin, ’yun ang mga kasama sa bahay. Once nakuha mo ang fondness ng pamilya, sila na ang magiging tulay mo para makarating sa puso ni Manang Biday.”

“I’ll remember that,” he chuckled. “Pero sino si Manang Biday?”

Marian giggled like a little girl.

“A personification of the Ilocano women. Parang

si Uncle Sam ng Amerika, Juan dela Cruz ng mga Pinoy. And one more thing, Ilocano husbands are expected to do the laundry sometimes. Nakuha mo?”

“I got it.” He was really amused by this lady. “Indirectly, na-motivate mo akong dapat kong pag-aralan ang Ilocano dialect hindi dahil sa kailangan kundi dahil sa gusto ko.”

In-schedule nila ang magiging araw at oras ng kanilang session. Gaya ng sinabi ni Ina, si Rafael nga ang nag-adjust sa oras ni Marian which showed that he was really desperate to learn Ilocano.

Kapag ang duty ni Marian ay alas seis ng umaga hanggang alas dos ng hapon, ang session nila ay Monday, Wednesday at Friday ng hapon, alas tres hanggang alas cinco.

“Okay lang ba sa ’yo na magkaroon ng extra session kung parehong free ang Sunday natin?” suhestyon ni Rafael.

Pabor sa akin. Kunwa’y nag-isip pa siya. “Well...”

“Ah, never mind. Siyempre kailangan mo rin naman ng time para sa sarili mo at sa... boyfriend mo.” Parang nailang pa itong bigkasin ang dalawang huling kataga.

“He’s very understanding. Walang problema.”
Napilitang pangatawanan ng dalaga ang pagkakaroon ng kasintahan sa katauhan ni ‘Tommy’.

“Very good then. At dahil diyan bibigyan kita ng free meal and transportation allowance during Sunday.”

“Transportation allowance?”

“Siyempre, you have to come into my house in Alabang tuwing Linggo. Alangan namang pabuksan pa natin ang planta para lang sa ilang oras nating session, di ba?”

“Oo nga naman...” Sabagay, less than an hour lang ang biyahe papuntang Alabang. *Ano ba itong napasukan ko?*